

Amfusnun

hango sa salaysay ni Arfonso
Nacleo na mula sa salaysay ni
Churay

Noong unang panahon, may isang makisig na binatang naggangalang Amfusnun. Isang araw, naisipan nina Amfusnun at ng kanyang mga kasama na pumunta sa Fianawor upang mamugot ng ulo. Sa landas patungong Fianawor, may natanaw silang isang babaeng nag-iigib sa may kalayuan. Inutusan ng kanyang mga kasama si Amfusnun na pugutan ng ulo ang babae. Sumang-ayon si Amfusnun. Ngunit nang puntahan niya ang babae at kanyang makita, nabighani siya sa kagandahan nito. Sa halip na pugutan ng ulo, kinausap na lamang niya ang magandang dilag. Nalaman niyang Inwayas ang pangalan ng dalaga. Sa kanilang pag-uusap, nagustuhan din siya ni Inwayas. Tanyag ang pangalan ni Amfusnun bilang isang makisig na binata at magiting na mandirigma, at maraming babae ang humahanga sa kanya.

Sa labis na pagkagusto ni Amfusnun, niyaya niyang maging asawa si Inwayas. Sa paghanga naman ng dalaga sa makisig na binata, sumang-ayon ito. Nagtakda sila ng araw upang magkitang muli. Nagpaalam sa dalaga si Amfusnun dahil naghihintay pa ang mga kasama niya.

Nang makabalik si Amfusnun sa kanyang mga kasama, nagtataka ang mga ito. “Magkausap na kayo, magkaharap pa. Bakit hindi mo pa pinatay?” tanong nila.

“Wala naman siya nang pumunta ako,” dahilan ni Amfusnun.

Waring nainis ang mga kasama ni Amfusnun. “Halika na nga, umuwi na lang tayo,” sabi nila. Bumalik na lamang sila sa Fiallig.

Dumating ang araw ng tipanan nina Amfusun at Inwayas. Tumungo sa tagpuan si Amfusun nang hindi nagpapaalam sa mga kasama. Hindi naman mapakali si Inwayas. Nang hapong iyon, pabalik-balik siya sa igiban ng tubig kung saan sila magkikitang muli. Nang dumating si Amfusun, niyaya siya ni Inwayas sa Fianawor upang magpaalam sa mga magulang niya.

Ipinakilala ni Inwayas si Amfusun sa kanyang mga magulang. “Taga-saan iyan?” tanong ni Chinnan, ama ni Inwayas.

“Ifiallig,” tugon ni Inwayas.

“Saan kayo nagkita?” tanong ni Chinnan kay Amfusun. Isinalaysay ni Amfusun ang mga pangyayari mula nang una silang magbalak pumunta sa Fianawor hanggang sa makita at makausap niya si Inwayas.

“Kung talagang nagmamahalan kayo, hindi ako tumututol. Kailan ang chuyas? Dito sa amin sa Fianawor, ikaw na lalaki ang maghahanda para sa chuyas,” sabi ni Chinnan.

“Kung ganoon, uuwi muna ako para tawagin ang mga kasama ko,” sagot ni Amfusun.

Nang magbalik si Amfusun at ang kanyang mga kasama, may dala silang tatlong baboy. Dalawang itim at isang puti. Pinalalakad lang nila ang mga baboy kasabay nila. Itinali nila ang mga ito nang makarating sila sa Fianawor.

Kinaumagahan, dalawang itim na baboy na lang ang naroroon. Nawawala ang puti. Nang sinundan nila ang bakas ng paa ng puting baboy, nakita nilang papabalik sa Fiallig ito. Hindi na nila ito sinundan at itinuloy na lamang nila ang chuyas. Dalawang baboy na lang ang kinatay. Nang magbalik sa kanilang ili ang mga Ifiallig, laking

pagtataka nila nang makitang nagbalik sa Fiallig ang baboy na puti. Nasabi nila, “Di kaya masamang pangitain ito?”

Nanirahan na sa Fianawor si Amfusnun. Isang araw, nagtanong si Amfusnun sa kanyang biyenang, “Wala ba kayong lupain dito na maaaring paglagyan ng mga bitag?”

“Mayroon kaming lupain sa Munporyas,” sagot ni Chinnan.

“Kung maaari, samahan mo ako doon bukas nang makapaglatag ako ng mga bitag,” pakiusap ni Amfusnun.

Kinaumagahan, nagtungo sila sa Munporyas at itinuro ni Chinnan kay Amfusnun ang pook. Maganda ang kalagayan ng kanilang lupain. Patag ito at may dumadaloy na sapa kaya maaari itong paglatagan ng bitag ni Amfusnun. Nang maglatag ng mga bitag si Amfusnun, natuklasan din niyang mataba ang lupa at magandang pagtaniman. Nagtanim si Amfusnun ng kamote upang may makain siya sa mga pagkakataong naisin niyang magpalipas ng gabi sa Munporyas na wala siyang dalang pagkain. Lumipas ang ilang taon. Namunga ang kanyang mga kamote at maraming huli ang kanyang mga bitag.

Isang araw, niyaya si Amfusnun ng kanyang bayaw. “Dalawin natin ang mga bitag mo,” sabi ng kanyang bayaw.

“Kung gusto mo, pumunta tayo bukas,” sabi ni Amfusnun.

Lingid sa kaalaman ni Amfusnun, may kinikimkim na galit sa kanya ang kanyang bayaw. Balak niyang patayin si Amfusnun. Kinaumagahan, nauna na siya sa daan upang tambangan si Amfusnun. Hinintay niya si Amfusnun sa may akyatan. Dumating si Amfusnun at nag-umpisang umakyat. Biglang sumigaw ang kanyang bayaw, “Heto ang papatay sa iyo!” At binato niya ng sibat si Amfusnun. Ngunit dahil sanay na mandirigma si Amfusnun, mabilis siyang nakailag at agad din naibatong pataas sa kalaban ang sariling sibat. Tumama ang sibat ni Amfusnun sa tiyan ng kanyang bayaw.

Hindi siya makapaniwala nang makita ang bayaw niya. “Ang sabi mo dadalawin lamang natin ang mga bitag. Bakit mo ako pinagtangkaang patayin?” tanong ni Amfusnun sa duguan niyang bayaw. Hindi nakasagot ang kanyang bayaw.

Masama ang kalagayan ng kanyang bayaw ngunit nanghihina itong nakiusap kay Amfusnun. “Pakiusap, buhatin mo ako at iuwi. Ipapaliwanag ko sa ili na kagagawan ko ang lahat habang hindi pa ako nalalagutan ng hininga,” sabi ng bayaw niya.

Binuhat ni Amfusnun ang kanyang bayaw patungo sa ili. Nang makarating sila’y nagsalita ang naghihingalo niyang bayaw sa kanyang mga kababayan. “Huwag ninyong parurusahan si Amfusnun dahil kasalanan ko ang lahat. Pinagtangkaan ko siyang patayin at ipinagtanggol lamang niya ang kanyang sarili. Patawarin ninyo sana ako.”

Napawalang-sala si Amfusnun sa pagtatapat ng kanyang bayaw bago ito pumanaw.

Bagama’t walang kasalanan, lubos na inusig si Amfusnun ng kanyang budhi. Hindi niya makayang manatili sa Fianawor sa piling ng mga kababayan ng kanyang napatay.

“Ikinahihiya ko ang nangyari sa amin ng kapatid mo. Dinaramdam ko ngunit kailangang lumisan ako,” paalam ni Amfusnun kay Inwayas. “Doon na lamang ako sa Munporyas. Kapag lumaki-laki na ang ating mga anak, dalaw-dalawin na lamang nila ako. Upang mayroon kayong makain, ipadadala ko ang bahagi ng lahat ng mahuhuli at maaani ko tuwing dadalaw kayo.”

Lubhang nagdamdam si Inwayas. Napaluha siya ngunit alam niyang hindi na niya mababago ang pasya ni Amfusnun.

Nang manirahan si Amfusunun sa Munporyas, napansin ng ilang Imunpuryas ang malalaking kamote ni Amfusunun. Nagtanim din sila malapit sa taniman ni Amfusunun. Makalipas ang ilang taon, nakilala ni Amfusunun ang isang babaeng Imunporyas at napangasawa niya ito. Dumami na rin ang mga nagpasyang pumirmi sa Munporyas at sila ang naging mga ninuno ng mga kasalukuyang Imunporyas.